# Framework sa Kakayahan ng mga Mangagawa sa NDIS: Gamit (Tool) sa Pamamahala at Pagpaplano ng mga Mangagawa (Workforce)

## NDIS Workforce Capability Framework: Workforce Management and Planning Tool Filipino

Ang Framework sa Kakayahan ng mga Mangagawa sa NDIS o NDIS Workforce Capability Framework (ang Framework) ay naglalarawan ng mga saloobin, kasanayan at kaalaman na dapat asahan mula sa lahat ng mga manggagawa na pinondohan sa ilalim ng NDIS. Nagbibigay ito ng malinaw, praktikal na mga halimbawa at nagtatatag ng isang ibinahaging wika ng 'kung ano ang hitsura ng mabuti' para sa mga kalahok na tumatanggap ng mga serbisyo at suporta ng NDIS. Sinusuportahan ng tool na ito ang Framework sa Kakayahan ng mga Manggagawa.

Sinusuportahan ng Tool sa Pamamahala at Pagpaplano ng mga Manggagawa ang mga tagabigay ng serbisyo (providers) ng NDIS upang:

Suriin ang kasalukuyang mga kagawian sa pamamahala ng mga manggagawa at magplano para maihatid ng kinakailangang mga manggagawa ang mga layunin sa serbisyo at kalidad.

Binibigyang kakayahan ang mga provider na maliliit hanggang mga katamtamang laki na may limitadong espesyalistang suporta ng mga mapagkukunan ng tao (human resources) upang magamit ang tool upang gabayan ang pagbuo ng isang plano ng workforce.

Sinusuportahan ang mas bihasang mga organisasyon bilang isang checklist ng mga dapat isaalang-alang sa pagpaplano ng workforce at/o isang mapagkukunan ng mga ideya upang matukoy ang mga hamon sa mga manggagawa at bumuo ng mga pamamaraan upang matugunan ang mga ito.

*Ang pagiging malinaw tungkol sa mga manggagawa na kailangan mo, paano hahanapin ang mga ito at paano pananatilihin ang mga ito ay mahalaga para magtagumpay ang mga provider sa isang mapagkumpitensyang merkado at makamit ang paghahatid ng serbisyo, kalidad at mga layunin ng mga manggagawa.*

### Ano ang dapat asahan

Sinusuportahan ng tool na ito ang mga provider ng NDIS na suriin, magplano at pamahalaan ang kanilang mga manggagawa (workforce) upang matugunan ang mga layunin sa paghahatid ng serbisyo at kalidad.

- **Suriin:** Gamitin ang mga tagapagpahiwatig (indicators) upang matukoy ang mga kalakasan (strengths) ng mga manggagawa at mga aspeto na dapat paunlarin.
- **Planuhin:** Kalkulahin ang mga mangagawa  na kailangan mo upang makamit ang iyong mga layunin at anumang mga puwang (gaps).
- **Planuhin:** Kapag ang datos ay ipinasok, awtomatikong kakalkulahin at pupunan ng tool ang mga kaugnay na patlang.
- **Kinalabasan:** Kung ipinasok mo ang iyong datos sa tool, ikaw ay ituturo sa mga posibleng estratehiya upang matugunan ang mga natukoy na pangangailangan o isyu.
- **Kinalabasan:** Ang plano sa mga manggagawa (workforce plan) ay binuo upang matulungan kang makamit ang kasalukuyan at hinaharap na mga layunin sa negosyo at mapabuti ang mga kinalabasan ng kalahok batay sa iyong datos.
- **Kinalabasan:** O kaya naman, puwede kang mag-browse ng tool para sa mga tagapagpahiwatig at pamamaraan.

## Gamit (tool) sa pagsasanay:

Ang ABC Supports (ABC) ay isang maliit na organisasyon na kailangang magplano para sa pag-unlad sa hinaharap, makamit ang mga mithiin sa organisasyon, at matiyak na natutugunan ng bilang ng mga kawani at ng kanilang mga kasanayan ang mga pangangailangan ng mga kalahok. Sa mga isyu tulad ng kakulangan ng mga kawani at pamamahala para sa pandemya, ang ABC ay naghahanap ng isang tool upang matulungan silang magplano nang maaga at mag-recruit ng mga manggagawa na may mga kasanayan upang suportahan ang mga kalahok.

Ginagamit nila ang **Workforce Management and Planning Tool** upang malaman kung anong datos ng negosyo at iba pang impormasyon ang kailangan nilang tipunin upang simulan ang pagpaplano, at sagutin ang mga mabilis na tanong (prompt questions) upang gabayan ang kanilang pagsusuri. Sa pagsagawa ng hakbang-hakbang na proseso, ang tool ay tumutulong sa ABC upang matukoy ang mga dapat unahin at bumuo ng isang makatotohanang plano sa mga manggagawa.

Ginagamit din ng ABC ang **Tool sa Paglalarawan ng Posisyon** at **Mga Mapagkukunan ng Impormasyon sa Pag-recruit at Pagpili** upang alamin ang mga kakayahan na kinakailangan upang bumuo at makisali sa isang bihasang workforce upang suportahan ang mga kalahok nito.

## Pag-access at paggamit ng tool

Ang tool ay isang Excel file na iyong idina-download at ginagamit sa iyong sariling aparato. Walang impormasyon na ipinasok mo sa tool ang itatala o ibabahagi sa NDIS Commission. Tandaan na regular na i-save ang file habang nagpapasok ka ng datos upang maiwasan ang pagkawala ng iyong trabaho.

**Pag-access ng tool:** Workforce Management at Tool sa Pagpaplano | Kakayahan ng mga Mangagawa sa NDIS (ndiscommission.gov.au)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Framework o sa pagpapatupad nito, bisitahin ang website**:** https://workforcecapability.ndiscommission.gov.au/.

**Makipag-ugnay sa:** workforcecapability@ndiscommission.gov.au o 1800 035 554.